REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

MAR 1 4 [illegible]

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 01-356

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA GINUGUNITA ANG IKA-87 ARAW NG KAPANGANAKAN NG ISANG DAKILANG TAGAPAGTANGGOL NG KALAYAAN AT ALKALDE NG MUNTINLUPA NA SI BALDOMERO LORESCA VIÑALON.**

*************************************************************************

Ipinanukala nina:
*Kgg. Victor L. Ulanday*
*Kgg. Lucio B. Constantino*
*Kgg. Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Mggl. Jo Jason T. alcaraz*
*Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Nicanor L. Echavez, MD*
*Kgg. Dante S. Almario*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kgg. Artemio A. Simundac*
*Kgg. Allan Rey A. Camilon*

*************************************************************************

**SAPAGKAT**, si ***BALDOMERO LORESCA VIÑALON,*** isang anak ng Muntinlupa, ay isinilang noong ika-29 ng Pebrero 1914 kina JULIAN VIÑALON at ESCOLASTICA LORESCA;

**SAPAGKAT,** kapos man sa edukasyon, hindi naging balakid ang kakulangan sa pag-aaral upang maging mahusay at kapaki-pakinabang na mamamayan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** si ***BALDOMERO L. VIÑALON*** ay naging ***kasapi*** ng Guerilla ROTC Hunters, isang samahan ng mga gerilya na laganap sa buong bansa;

**SAPAGKAT,** kanyang ***pinamunuan at itinatag*** ang *KANDULI YUNIT* ng *Guerilla ROTC Hunters* na masidhing nakipaglaban sa mga puwersa ng Hapon na sumakop sa Muntinlupa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig;

**SAPAGKAT,** matapos ang digmaan, siya ay ***nahalal*** bilang Alkalde. At sa panahon ng kanyang panunungkulan, panuntunan ng kanyang administrasyon ang katahimikan at kaayusan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ***nararapat*** lamang na gunitain ang kanyang makasaysayan at makabuluhang paglilingkod sa bayan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ***pinagpasiyahan*** ng *Sangguniang Panlungsod* na ***gunitain ang ika-87 araw ng kapanganakan*** ng isang dakilang tagapagtanggol ng kalayaan at Alkalde ng Muntinlupa na si ***BALDOMERO LORESCA VIÑALON.***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Blg. 01-356*

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **28 Pebrero 2001** sa ginanap na ika-**115** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonlungsod*

Petsa:_______

Victor L. Ulanday